Ang 'Limang Mga Sola' Ng Repormasyon

➢ Ang 'Limang mga Sola' ay mga salitang Latin na ginamit ng mga *Repormador* upang isabuod ang kanilang pinaninindigang mga katuruan na sumasalungat sa mga lisyang turo ng simbahang Romano Katoliko. Ang ibig-sabihin ng *'sola'* ay iisa lamang [iyon lang o solo], sa English ay *'alone'* o *'only'*.

➢ Ipinapaliwanag ng 'limang mga sola' ang mga saligang katuruan na pinaniniwalaan ng mga Reformers na mahalaga sa buhay at pananampalataya ng tao. Ang mga ito ay ang mga sumusunod:

- ❖ **Sola Scriptura** = Kasulatan lamang
- ❖ **Sola Gratia** = Biyaya lamang
- ❖ **Sola Fide** = Pananampalataya lamang
- ❖ **Solus Christus** = kay Kristo lamang
- ❖ **Soli Deo Gloria** = sa Diyos lamang ang Kaluwalhatian

❖ SOLA SCRIPTURA (Ang Kasulatan Lamang)

➢ Sa isang panig ay hinaharap ng mga *Repormador* ang paniniwala ng Romano Katoliko: ang turo ng simbahan ay may lubos na otoridad sa mananampalataya = itinuturing nila na ang Banal na Kasulatan ay hindi nagkakamali; subalit ang 'papa' ay itinuturing din na hindi nagkakamali. PUNTO: Ang kanilang turo at tradisyon na nagmula sa 'papa' ay itinuturing na walang kamaliang kapahayagan na kapantay ng Banal na Kasulatan.

➢ Sa kabilang panig naman ay hinaharap din ng mga *Repormador* ang mga radikal na Anabaptist na naniniwala na hindi nila kailangan ang mga tagapagturo ng iglesya, at maging ang Bibliya, sapagkat ang Banal na Espiritu ang nagtuturo ng tuwiran sa kanila—sa pamamagitan ng kanilang mga pinunong 'nakakarinig' sa tinig ng Diyos.

[**Thesis One: Sola Scriptura**; **Cambridge Declaration of the Alliance of Confessing Evangelicals**; April 20, 1996] *" Pinaninindigan natin na ang walang kamaliang Kasulatan ang siyang tanging pagmumulan ng nasusulat na banal na kapahayagan, na siyang tanging nakapaggagapos ng budhi. Ang Bibliya lamang ang nagtuturo ng lahat ng kailangan para sa ating kaligtasan mula sa kasalanan at siyang panuntunan at panukat ng lahat ng ginagawa ng Kristyano. Tinatanggihan natin na anumang kapahayagan, konseho o indibidwal ay maaaring maggapos ng budhi ng Kristyano. Tinatanggihan din natin na ang Banal na Espiritu ay nagsasalita nang hiwalay o salungat sa kung anong inilalahad sa Bibliya, at gayundin, na ang personal na karanasang espiritwal ay maaaring maging kaparaanan ng kapahayagan kailanman. "*

I. Ang HINDI itinuturo ng Sola Scriptura.

- **a.** Hindi itinuturo nito na lahat ng kaalaman at katotohanan sa buhay ay nasa Bibliya, *e.g.* kaalaman sa siyensya, teknolohiya, matematika etc… Mayroong mga katotohanan na saklaw ng kakayanan ng taong tuklasin sa pamamagitan ng mga kaparaanang nasa kanyang mga kamay.
- **b.** Hindi itinuturo na ang buong Bibliya ay magiging malinaw sa lahat ng mga tao.
- **c.** Hindi rin nangangahulugan na ang lahat ng pagtuturo ng iglesya ay walang halaga o walang otoridad.
- **d.** Hindi rin itinuturo ang *'solo Scriptura'* ng mga taong nag-aangking sila lang ang tanging tagapagturo ng Banal na Kasulatan — sila na Bibliya lang ang hawak [= *'nuda Scriptura'*, *i.e.* bare scripture]

II. Ang itinuturo ng Sola Scriptura.

➢ Ang Banal Kasulatan lamang ang siyang lubos na otoridad sa katuruan at pananampalataya ng Kristyano.

1. Ang Banal na Kasulatan ay Walang Kamalian. = *Bawat Salita sa Kabuuan ay Kinasihan*

- **a)** Ang Bibliya ay hindi isang dokumentong isinulat lamang ng tao. Ang lahat ng nasusulat sa Banal na Kasulatan ay *'ihininga'* mismo ng Diyos = *'God-breathed'*; *" Ang lahat ng mga kasulatan ay kinasihan ng Diyos…"* **(2 Tim. 3:16)**
- **b)** Ang Banal na Espiritu ang siyang gumabay nang lubos sa mga taong kinasangkapan upang ang ***bawat salita sa buong kapahayagan*** ay maisulat ayon sa Kanyang kalooban = 'verbal plenary inspiration'; *"Una sa lahat, dapat ninyong malaman ito, na walang propesiya ng kasulatan na nagmula sa pansariling pagpapakahulugan, sapagkat walang propesiya na dumating kailanman sa pamamagitan ng kalooban ng tao kundi ang mga taong inudyukan ng Espiritu Santo ay nagsalita mula sa Diyos. "* **(2 Ped. 1:20-21)**
- **c)** Ang Bibliya ay hindi nagtataglay ng anumang mga kamalian sa kanyang mga kapahayagan. **Spurgeon:** *" If I may not implicitly trust my Bible, then you may burn it. "* [Kung hindi ko mapagkakatiwalaan nang lubos ang aking Bibliya, maaari nyo nang sunugin ito.] = Kung hindi natin mapanghahawakan ang lahat ng sinasabi ng Bibliya, walang saysay na pagtiwalaan ito dahil hindi na natin malalaman kung alin ang totoo at alin ang hindi.
- **d)** Ang Bibliya ay nagtataglay ng mga katotohanang panlahat-ng-panahon at hindi kumukupas. *" Ang damo ay natutuyo, ang bulaklak ay nalalanta; ngunit ang salita ng ating Diyos ay mamamalagi magpakailanman. "* (**Isa. 40:8**)

KATURUAN: Dahil ang Banal na Kasulatan ay Salita ng Diyos mismo, ang lahat ng nasusulat dito ay dapat lamang na totoo at walang kamalian.

2. Ang Banal na Kasulatan ay Sapat. = *Ganap at Lubos Na* [galing sa GMA Bibliology Lecture #21; NAE]

➢ Bagama't sinasabi ng Romano Katoliko na ang Bibliya ay walang kamalian, subalit hindi nila ito itinuturing na sapat sa Kristyano kaya sila may idinaragdag na tradisyon at salita ng 'papa' bukod sa Bibliya; gayundin ang iba pang mga grupo

na ang paniniwala ay may ibang mga saligan maliban sa Bibliya *e.g.* ang mga *Pentecostal/Charismatic* na may mga pangitain, 'propesiya' etc…

- **Paninindigang-Kristyano sa Kasaysayan:** Ang Kasulatan ng Lumang Tipan at Bagong Tipan ang siyang sapat at kumpleto nang kapahayagan ng Diyos.

[**Second Helvetic Confession**, 1566] *" We believe and confess that the canonical Scriptures of the holy prophets and apostles of each Testament are the true word of God, and that they possess sufficient authority from themselves alone and not from man. For God himself spoke to the fathers, to the prophets and to the apostles, and continues to speak to us through the Scriptures. "* [Tayo'y sumasampalataya at nagpapahayag na ang *canon* ng mga Kasulatan ng mga banal na propeta at mga apostol ng bawat Tipan ang siyang tunay na salita ng Diyos, at ang mga ito'y nagtataglay ng sapat na otoridad mula sa kanilang sarili mismo at hindi mula sa tao. Sapagkat ang Diyos mismo ang nagsalita sa mga ninuno, sa mga propeta at sa mga apostol, at patuloy na nagsasalita sa atin sa pamamagitan ng Kasulatan.]

- Ang kapahayagan ng Diyos ay sumulong sa buong kasaysayan ng pagliligtas.
- Anumang ipinahayag, iyon ay sapat sa bawat panahon = sapat sa panahong iyon hanggang sa pagdating ng bagong kapahayagan.
- Ang panghuling kapahayagan ay sa katauhan ni Kristo — na Kanya namang sinugo ang mga Apostol bilang mga tagapagdala ng kapahayagan ng Bagong Tipan.
- Nang mabuo ang Banal na Kasulatan (ang buong Bibliya) ay nagkaroon tayo ng ganap at lubos na kapahayagan.

[**WCF at 1689 BCF**, **I.6**] *" Ang kabuuan ng kapahayagan ng Diyos tungkol sa lahat ng bagay na mahalaga sa Kanyang kaluwalhatian, sa kaligtasan, pananampalataya at buhay ng tao ay nasa Kasulatan. Ang mga ito ay maliwanag na isinulat o di kaya ay inihayag ng di-tuwiran. Walang anumang maaaring idagdag sa Kasulatan maging ito'y ipinalagay na pahayag ng Espiritu o mga turo ng tao o tradisyon. Gayon pa man, kinikilala namin ang pagpapaunawa ng Banal na Espiritu. Ito ay mahalaga para sa kinakailangang pang-unawa sa mga ipinahayag ng Kasulatan. May mga bahagi ng pagsamba sa Diyos at ng pamamahala ng Iglesia na maaari nating gawin ayon sa pang-unawang Cristiano. Ang lahat ng ito ay dapat maging ayon sa pangkalahatang pagtuturo ng Kasulatan na siyang dapat nating sundin. "*

- **Itinuturong Kasapatan:**

a) Ang Bibliya ay lubos at ganap na maaasahang gabay natin sa espiritwal at praktikal na mga bagay sa buhay-Kristyano. *" Ang lahat ng mga kasulatan ay kinasihan ng Diyos at mapapakinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa katuwiran, upang ang tao ng Diyos ay maging ganap, nasasangkapang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti.. "* **(2 Tim. 3:16-17)**

- Inihahayag ang mga dapat nating malaman sa Diyos, paano Siya makikilala at paano ang pagsamba
- Kung paano pangangasiwaan ang iglesya; kung paano ang pag-eebanghelyo etc..
- Kung paano ipamumuhay ang pananampalataya

b) Wala nang karagdagang kapahayagan.

c) Kailangan ang pagpapaliwanag ng Banal na Espiritu.

- Walang salita ng Kasulatan ang mauunawaan nang wala ang Banal na Espiritu;
- Ngunit ang Espiritu ay hindi magsasalita ng salungat sa Kasulatan.

d) Batayan kaugnay ng ibang mga usaping karaniwan sa tao at lipunan.

- May mga usaping gagamitan ng Kristyanong karunungan.
- Ngunit ang lahat ng usapin ay dapat sang-ayon sa pangkalahatang prinsipyo ng Kasulatan.

KATURUAN: Lubos at ganap ang Banal na Kasulatan para sa buhay at pananampalataya ng Kristyano.

3. Ang Banal na Kasulatan ay Malinaw. = *Isinulat sa naiintindihang pananalita* [galing sa GMA Bibliology Lecture #25, NAE]

- **Paninindigan ng Repormasyon:** *Claritas Scripturae*

a) Dahil ang Kasulatan ay isang malinaw at tiyak na panuntunan ng pananampalataya, walang mahalagang katuruan na malabo.

b) Dahil ang Kasulatan lamang ang siyang kasangkapan ng pananampalatayang nakapagliligtas, kailangang ito'y maging malinaw.

c) Dahil ang Kasulatan ang siyang nagpapaliwanag sa kanyang sarili kung kaya't ang mga bahaging malabo ay ipapaliwanag ng malinaw na bahagi.

d) Dahil ang Kasulatan ang may otoridad sa iglesya, hindi ang iglesya (o ang tradisyon) ang magpapaliwanag sa Kasulatan = hindi ang iglesya (o ang mga namumuno) ang magpapasya sa kung anong papaniwalaan.

- Hindi tinatanggihan ang pag-aaral ng tunay kahulugan ng Kasulatan;
- Ang tinatanggihan ay ang paggamit ng tradisyon para ipaliwanag ang Kasulatan

e) Ang pagiging-malinaw ng Kasulatan ay pinipigilan lamang ng kasalanan at kamangmangan = hindi dahil sa kakulangan ng Kasulatan.

PUNTO: Ang pagiging-malinaw ng Salita ng Diyos ay nasa Kasulatan mismo, wala sa tagapagpaliwanag.

HAMON: Sa harap ng mababang pagpapahalaga ng marami sa Kasulatan, ipanindigan natin ang SOLA SCRIPTURA.